Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-21 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 28 HUNYO 2000, IKA-8:15 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY MABUHAY, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

Mga Dumalo:

	Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
	Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
	Konsehal Cesar T. Baliong	
	Konsehal Ramil O. Dimapilis	
	Konsehal Juanito A. Bacay, Jr	
	Konsehal Eduardo K. Soriano	
	Konsehal Juan S. Advincula	
	Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
	Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Sangguniang Kabataan
Hindi Nakadalo:	Konsehal Angeles D. Bautista	- On Official Business
	Konsehal Mae Arlene M. Talens	

KAPASYAHAN BLG. 058
Taong 2000

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG MABUHAY AT MGA MAMAMAYAN NITO SA MAINIT NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO SA NASABING BARANGAY.

SAPAGKA'T isa sa pangunahing layunin ng ating pamahalaan ay ang ipaabot hanggang sa mga liblib na pook ang mga programa at proyektong makatutulong sa pag-unlad ng tao at ng pamayanan;

SAPAGKA'T ang paglalapit na ito ng gobyerno sa mga pamayanan ay makatutulong nang malaki upang makita at madama ng mga namumuno sa nakatataas na yunit ng pamahalaan ang mga pangangailangan at karaingan ng mga taong-bayan at sa gayon sa pagtutulungan ng mga kinauukulang tao at ahensya ay mabigyan ito ng dagli at karampatang aksyon;

SAPAGKA'T isa sa nakikitang magandang hakbang ay ang pagdaraos ng sesyon ng Sangguniang Bayan sa mga barangay upang magkaroon ng diyalogo at pakikipag-ugnayan sa mga taong-barangay at sa pamunuan ito;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagkaisang idaos ang kanilang regular na sesyon sa mga barangay sa pamamagitan ng isang prosesong pinagkaisahan ng lahat;

SAPAGKA'T sa Mabuhay na siyang pang-labingwalong barangay na pinagdausan ng sesyon ngayong Hunyo 26, 2000, naging maayos, mapayapa at mabunga ang sesyong naganap at ito ay dahil na rin sa mainit at malugod na pagtanggap na isinagawa ng Sangguniang Barangay at ng mga mamamayan ng Mabuhay

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Eduardo K. Soriano na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot ang taospusong pasasalamat sa Sangguniang Barangay ng Mabuhay at sa mga mamamayan nito sa mainit na pagtanggap sa Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa ginawang pagpupulong sa nasabing barangay.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Mabuhay sa pamamagitan ni Punong Barangay Emeliano Calaton para sa kanilang kaalaman at sanggunian

Pinagtibay ng lahat Hunyo 26, 2000

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

GONZALO CAGINEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/